

Sa Amerika, pinipili ng mga mamamayan ang kanilang gobyerno sa pamamagitan ng pagboto. Sa kabila ng kapangyarihang taglay ng mga tao bilang mga botante, **wala pang limampung porsiyento ng mga taga-Texas** ang gumagamit ng kapangyarihang ito na lubhang nakakaapekto sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ngunit hindi kailangang maging ganoon. Maaari mo ring **gamitin ang iyong karapatang bumoto**, tulungan ang iyong komunidad, at **gawing maayos ang iyong gobyerno para sa iyo!**

ALAM MO BA **TE** **AS** NA ANG MGA BOTANTE AY:

1. **Mas malamang** na mamuhay nang mas malusog.
2. **Mas malamang** na mag-ambag sa lipunan.
3. **Malabong** walang trabaho.
4. **Malabong** muling gumawa ng mga krimen.

PAANO BUMOTO:

1. Magparehistro
2. Maghanda ng wastong photo ID o balidong patunay ng eksepsiyon
3. Alamin ang tungkol sa mga kandidato
4. Bumoto!



NAKAPAGPAREHISTRO KA NA BA? TINGNAN DITO!:

Vote America: Ipinagpapatuloy ng Court the Vote ang matagal nang pangako ng Texas Young Lawyers Association sa paggawa ng programa sa edukasyong de-kalidad at nakatuon sa batas para sa mga mamamayan ng Texas at higit pa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proyektong ito, mangyaring bisitahin ang www.tyla.org/VoteAmerica o makipag-ugnayan sa TYLA sa 1414 Colorado Street, Suite 502, Austin, Texas 78701-2487, o (800) 204-2222 ext. 1529.

Disclaimer: Ang impormasyon dito ay isang dulugan at hindi legal na payo. Ibinigay ito para sa mga layuning pang-impormasyon lamang at hindi bilang kapalit o pandagdag sa legal na payo na kinakailangan upang matugunan ang mga partikular na alalahanin ng sinumang indibidwal. Maaaring baguhin ng Texas ang mga batas nito pagkatapos mailathala ang mga ito. Responsibilidad mong tukuyin kung paano nakakaapekto sa iyo ang lahat ng naaangkop na batas tungkol sa pagpaparehistro ng botante, pagboto, at ang pagpapanumbalik ng mga karapatan sa pagboto sa Texas.

MGA KARANIWANG TINATANONG:

T: Kailangan ko bang sabihan ang sinuman tungkol sa boto ko?

S: Hindi! Pinapanatili ng Texas ang pagkasekreto ng balota. Ang mga manggagawa sa botohan ay nagtatago lamang ng listahan ng mga bumoto, hindi kung paano sila bumoto. Walang nililikhang rekord kung paano mo pinunan o ng sinumang botante ang kanyang balota maliban sa iyong balotang walang pagkakakilanlan. Hindi maaaring itugma sa iyong pangalan ang mga pipiliin mo. Dagdag dito, nagbibigay ang mga voting booth ng isang pribadong lugar para punan mo ang iyong balota.

Tinitiyak ng Texas na makakaboto ka nang walang pananakot.

Isang hanay ng mga tuntunin ang ipinapatupad sa bawat lugar ng botohan upang matiyak na ang mga botante ay komportableng makakaboto para sa sinumang gusto nila. Halimbawa, hindi pinahihintulutan ang mga manggagawa sa botohan na magtanong kung sino ang iyong binoto, at ipinagbabawal ang pangangampanya sa loob o malapit sa mga lugar ng botohan.

T: Kailangan ko ba ng ID na may litrato ko upang bumoto?

S: Kadalasan, ngunit hindi palagi! Kung manunumpa ka o paninindigan mo na mayroon kang makatuwirang hadlang sa pagkuha ng ID (tulad ng kakulangan sa transportasyon o mga responsibilidad sa trabaho/pamilya), at magbibigay ka ng alternatibong patunay ng ID (tulad ng paycheck o bill para sa utilidad), maaari kang bumoto nang walang ID na may litrato mo.



T: Maaari ba akong bumoto kung ako ay ...

- Kinasuhan ng misdemeanor o maliit na kasalanan? **OO!**
- Nasa Deferred Adjudication o Ipinagpaliban na Hatol para sa misdemeanor? **OO!**
- Nahatulan ng misdemeanor? **OO!**
- Kinasuhan ng felony o mabigat na kasalanan? **OO!**
- Nasa Deferred Adjudication para sa felony? **OO!**
- Nahatulan ng felony? **HINDI ngunit ...**
 - Nakumpleto mo na ba ang iyong parusa para sa felony, kabilang ang anumang termino ng pagkakabilanggo, parol, supervision o pangangasiwa, o panahon ng probasyon, o napatawad ka na ba?
 - Kung oo, **OO, MAAARI KANG BUMOTO!**
 - Kung hindi, **HINDI, hindi ka maaaring bumoto.**
 - Kung ang iyong napatunayang felony ay sumasailalim sa apela, **OO, MAAARI KANG BUMOTO!**

Mayroon pang mga katanungan?

Tumawag sa Election Protection Hotline sa

- Ingles: (866) OUR-VOTE o (866) 687-8638
- Espanyol/Ingles: (888) VE-Y-VOTA o (888) 839-8682
- Arabic/Ingles: (844) YALLA-US o (844) 925-5287
- Mga Wikang Asyano/Ingles: (888) API-VOTE o (888) 274-8683